



NANCY BARGMANN
DIREKTOR

Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao

**Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
(Department of Developmental Services)**

1215 O Street, Sacramento, CA 95814

www.dds.ca.gov



GAVIN NEWSOM
GOVERNADOR

Disyembre 26, 2023

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: MGA KINAKAILANGAN SA PAGSINGIL
PARA SA MGA SERBISYO

Ang layunin ng sulat na ito ay magbigay ng patnubay sa mga regional center at kanilang mga provider ng Financial Management Services (FMS) tungkol sa mga kinakailangan sa pagsingil para sa mga serbisyo na ibinibigay sa mga kalahok sa Self-Determination Program (SDP), at matukoy ang lokal na negosyo o mapagkukunan ng komunidad mula sa isang SDP Provider para sa mga naturang layunin. Ang patnubay na ito ay inisyu alinsunod sa seksyon 4685.8(p)(2) ng Welfare and Institutions Code na nag-aawtorisa sa Department of Developmental Services (Kagawaran) na mag-isyu ng mga direktiba sa programa o mga katulad na tagubilin hanggang sa mapagtibay ang mga regulasyon.

Mga Serbisyo sa SDP na Ipinagkakaloob ng isang Lokal na Negosyo o Mapagkukunan ng Komunidad

Para sa mga layunin ng sulat na ito, ang kahulugan ng isang lokal na negosyo o mapagkukunan ng komunidad ay isang entidad, na hindi vendor na itinaguyod ng regional center, at na nagkakaloob ng serbisyo sa kalahok sa SDP na ipinagkakaloob din sa mga indibidwal na walang mga kapansanan sa pag-unlad.

Tinutukoy ng mga kalahok ng SDP ang mga serbisyo at suporta na pinakanakakatugon sa kanilang mga indibidwal na pangangailangan at kanilang mga layunin sa Indibidwal na Plano ng Programa (Individual Program Plan, IPP). Maaaring kabilang dito ang pagbili ng mga serbisyo mula sa o pakikipagnegosasyon ng mga natatanging kaayusan sa serbisyo sa mga lokal na negosyo o mapagkukunan ng komunidad. Mga halimbawa ng isang lokal na negosyo o mapagkukunan ng komunidad ay maaaring mga inklusibong serbisyo tulad ng mga klase sa paglangoy sa isang lokal na recreation center o mga klase sa pagsasayaw sa isang lokal na studio.

Kapag pinili ng kalahok na gumamit ng mga serbisyo mula sa isang lokal na negosyo o mapagkukunan ng komunidad, ang provider ng FMS ay makikipagtulungan sa kalahok sa kinakailangang dokumentasyon. Kabilang sa mga halimbawa ng naaangkop na dokumentasyon ang kontrata sa pagiging miyembro ng isang gym o kasunduan at mga kondisyon sa pagbabayad sa pagitan ng kalahok at kumpanya sa pagtuturo ng isang drayber na nagtuturo ng pagmamaneho.

Mga bayad para sa mga serbisyong ito ay dapat nakaalinsunod sa mga tipikal na proseso na ginagamit ng mga lokal na negosyo o mapagkukunan ng komunidad. Halimbawa, kung ang isang subscription o access fee ay dapat bayaran sa simula ng buwan, dapat isaayos ng FMS ang kanilang iskedyul ng pagbabayad para bilhin ang mga serbisyong ito sa simula ng buwan upang suportahan ang pag-access sa serbisyo.

Mga Executive Director ng Regional Center
Disyembre 26, 2023
Ikalawang pahina

Mga SDP na Serbisyo na Ipinagkakaloob ng mga SDP Provider

Para sa mga layunin ng sulat na ito, binibigyang-kahulugan ang SDP Provider bilang isang entidad ng negosyo, kabilang ang isang vendor ng regional center, o isang independiyenteng kontratista na nakakatanggap ng bayad sa pamamagitan ng pag-invoice para sa mga serbisyo na ipinagkakaloob sa isang kalahok sa SDP. Hindi kabilang sa mga SDP Provider ang mga entidad na tinukoy bilang lokal na negosyo o mapagkukunan ng komunidad, tulad ng tinukoy sa itaas.

Ang mga kalahok sa SDP at kanilang SDP Provider ay magkakasundo sa uri, halaga at dalas ng mga serbisyong ipinagkakaloob. Makikita sa mga invoice na isinumite ng isang SDP Provider at inaprubahan ng kalahok at kanilang FMS, ang kasunduang ito at minimum na kasama ang mga sumusunod na sumusuportang impormasyon (tingnan ang Kalakip A para sa sample na template):

- Orasan o pang-araw-araw na rate na sinisingil ng SDP Provider
- [Service Code](#) ng SDP
- Petsa kung kailan ipinagkaloob ang bawat serbisyo/gawain
- Paglalarawan ng partikular na serbisyo/gawain
- Oras na iginugol sa bawat serbisyo/gawain
- Kabuuang halaga ng ibinigay na serbisyo/gawain
- Isang pahayag na ang lahat ng serbisyong nakasaad sa invoice ay ibinigay sa kalahok

Ang mga serbisyo sa SDP ay maaaring tukuyin sa loob ng isang plano ng paggasta ng indibidwal bilang inaasahang lingguhan o buwanang gastos. Kapag nagsumite ang isang SDP Provider ng invoice sa FMS, ang mga serbisyo ay dapat i-bill sa orasan o pang-araw-araw na rate, alinsunod sa kasunduan sa pagitan ng kalahok at ng SDP Provider. Halimbawa, ang mga independiyenteng kontratista na nagkakaloob ng job coaching at Independiyenteng mga Tagapangasiwa ay mga SDP Provider.

Kapag sumang-ayon ang kalahok at provider ng regional center na gumamit ng vendored service alinsunod sa disenyo ng programa ng tradisyonal na serbisyo, ang SDP Provider na iyon ay maaaring mag-invoice sa rate na orasan, pang-araw-araw o iba pa. Gayunpaman, para sa mga vendored provider na iyon na nag-i-invoice sa rate o unit na naiiba mula sa kanilang rate para sa mga tradisyonal na serbisyo, ang vendor ay maniningil alinsunod sa mas detalyadong mga kinakailangan para sa mga SDP Provider na hindi vine-vendor ng regional center.

Ang mga bayad para sa mga serbisyo sa SDP ay direktang gagawin sa SDP Provider ng FMS at hindi kabilang ang reimbursement para sa mga produktong binili ng isang SDP Provider sa ngalan ng kalahok o bayad para sa mga serbisyo na hindi direktang ipinagkakaloob ng SDP Provider.

Mga Executive Director ng Regional Center
Disyembre 26, 2023
Ikatlong pahina

Ang lahat ng SDP Provider ay magbibigay ng mga serbisyo at suporta alinsunod sa mga kinakailangan ng estado at pederal, na kinabibilangan ng:

- Ang mga serbisyo, sa kaalaman ng provider, ay alinsunod sa IPP ng kalahok, plano ng paggastos at kasunduan sa serbisyo.
- Ang pagbabayad ng mga claim sa SDP ay mula sa mga pondo ng pederal at/o estado at ang pagpalsipika o pagtatago ng mahalagang impormasyon ay maaaring usigin sa ilalim ng mga batas ng pederal o estado.
- Sumasang-ayon ang tagapagkaloob na panatilihin, nang hindi bababa sa tatlong taon mula sa petsa ng serbisyo, ang kopya ng lahat ng record na kinakailangan para isiwalat ang ganap na saklaw ng mga serbisyong ipinagkakaloob at ibigay ang mga record na ito sa Kagawaran at iba pang kagawaran at ahensya ng estado at pederal o kanilang itinalaga na tinukoy ng Kagawaran.
- Ang mga serbisyo na inaalok at ipinagkakaloob nang walang diskriminasyon batay sa lahi, relihiyon, kulay, bansa o etnikong pinagmulan, kasarian, edad, pisikal o pangkaisipang kapansanan o anumang iba pang klase ng indibidwal na protektado ng batas ng estado o pederal.

Kung ang mga kalahok at/o kanilang mga pamilya ay may mga tanong tungkol sa sulat na ito, dapat silang makipag-ugnay sa regional center. Ang mga tanong mula sa mga regional center ay dapat idirekta sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Ang Orihinal na Kopya ay Pinirmahan ni:

VICKI L. SMITH, Ph.D.

Deputy Director

Dibisyon sa Pagbuo ng Patakaran at Programa (Policy and Program Development Division)

Mga Kalakip

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Brian Winfield, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad
Ernie Cruz, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad
Suzy Requarth, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Kathleen Dempsey, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad